

Ang COVID-19 at ang kalusugan at kaligtasan sa trabaho – Maliit na negosyo

Pagtasa at pamamahala ng mga panganib

Binago ng COVID-19 kung paano tayong lahat ay namumuhay at nagtatrabaho. Ngunit ang mundo ng maliit na negosyo ay patuloy na gumigiling.

Ang pangkalusugan at pangkaligtasang pagtasa ng panganib sa trabaho para sa COVID-19 ay isang mahalagang hakbang para sa mga maliliit na negosyo, upang malaman at mapamahalaan ang mga panganib sa iyo, sa iyong mga kawani, at sa mga kostumer.

Kapag nagsasagawa ng pagtasa sa panganib, itanong sa sarili:

- Ano ang mga panganib?
- Anong pinsala ang magagawa nito sa isang tao, at gaano malamang na mangyayari ito?
- Ano ang antas ng panganib?
- Ano ang aking magagawa upang pamahalaan ang panganib?
- Paano marerepaso at mamomonitor ang panganib, upang tiyaking gumagana ang mga hakbang na pangkontrol, at magsuri para sa mga bagong panganib?

Ang pamamahala ng panganib ay nagpapatuloy – tiyaking tasahin ang anumang bago o nagbagong mga panganib dulot ng COVID-19, gaya ng mga panganib mula sa agresibong kostumer, dumaming pangangailangan sa trabaho o pagtatrabaho nang nag-iisa.

Dapat kang makipag-usap sa iyong mga manggagawa. Magkasamang malalaman ninyo ang mga panganib at magagawan ng paraan kung paano pamamahalaan ang mga iyon.

Panatilihin nating lahat na gumigiling ang mundo ng mga maliit na negosyo. Para sa karagdagang impormasyon, tumungo sa website na- safeworkaustralia.gov.au.

Pisikal na pagdistansya

Ang panganib ng pagkalantad sa COVID-19 ay lumalaki kapag nagtatrabaho nang malapit sa ibang tao. Hangga't maaari, ugaliin ang pisikal na pagdistansya.

Isaalang-alang ang:

- Muling pagdisenyo ng plano sa lugar ng trabaho.
- Pagkakaroon ng hindi harapang mga pagmimiting.
- Pagbabawas ng bilang ng mga tao sa mga panlahat na mga lugar.

- Pamamahala ng mga pilahan at bilang ng mga kostumer.

At hangga't maaari, mag-iwan ng oras sa pagitan ng mga appointment upang limitahan ang pisikal na mga interaksyon at tiyaking ang mga manggagawa ay mayroong sarili nilang mga tool o kagamitan.

Para sa tiyak na patnubay para sa industriya tungkol sa COVID-19, tumungo sa safeworkaustralia.gov.au.

Paglilinis ng iyong lugar ng trabaho

Ang COVID-19 ay kumakalat sa pamamagitan ng mga maliliit na patak na lumalabas kapag ang isang tao na may impeksyon ay umuubo o bumabahin.

Maaaring mahawahan ng COVID-19 ang mga tao sa pamamagitan ng paghipo sa ibabaw ng isang bagay na may mga mikrobyo.

Tiyaking ang iyong lugar ng trabaho ay nililinis man lamang araw-araw gamit ang detergent at tubig.

Sa sandaling malinis na ang ibabaw ng isang bagay, maaari mo nang disimpektahin ito.

Gawing prayoridad ang paglilinis ng ibabaw ng mga bagay na madalas mahipo.

Kung ikaw ay mayroong isang kaso ng COVID-19 sa trabaho, kailangang lubusang linisin at disimpektahin ang iyong lugar ng trabaho bago maaaring makabalik ang mga tauhan.

Para sa tiyak na patnubay para sa industriya tungkol sa COVID-19, tumungo sa safeworkaustralia.gov.au.

Website ng COVID-19 ng Safe Work Australia

Ang Safe Work Australia ay bumuo ng bagong patnubay upang tulungan ang mga maliliit na negosyo na maunawaan ang kanilang mga tungkuling pangkalusugan at pangkaligtasan sa trabaho, at pamahalaan ang mga panganib na dulot ng COVID-19.

Ang safeworkaustralia.gov.au ay may impormasyon tungkol sa mga paksang gaya ng paano magsasagawa ng pagtasa ng panganib, pisikal na pagdistansya, kalinisan, personal na kagamitang pamprotekta, kalusugang pangkaisipan, at paglilinis.

Gamitin ang content filtering tool upang madaling makita ang impormasyon na nauugnay sa iyong maliit na negosyo at industriya, pati na ang mga praktikal na mga mapagkukunan (resources), katulad ng mga checklist para sa lugar ng trabaho at mga paskil.

Para sa tiyak na patnubay para sa iyong industriya, tumungo na ngayon online - safeworkaustralia.gov.au.